Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

FILE COPY
DATE: 6-21

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-9 NG HUNYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .................. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier .................... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ................... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez ..................... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ...................... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ....................... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ..................... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ........................ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco.................... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .................. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .......... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 127-T'99

KAPASIYAHANG SINASANG-AYUNAN ANG MGA PANUKALANG INIHAIN NG GOLDEN ARCHES DEVELOPMENT CORPORATION SA PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ SA GAGAWING PAG-UPA SA WALONG DAAN DALAWAMPU'T ANIM (826) METRO PARISUKAT NA LUPANG PAG-AARI NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.

**SAPAGKA'T,** binigyang-pansin ng Kgg. Sangguniang Bayan ang kahalagahan ng wasto at kapakipakinabang na paggamit ng mga ari-ariang di natitinag ng Pamahalaang Bayan tungo sa pangkalahatang kaunlaran ng pamayanan;

**SAPAGKA'T,** masusi at maingat ang ginawang pag-aaral ng Kgg. Sangguniang Bayan sa bawa't isang panukala na inihain ng Golden Arches Development Corporation sa Pamahalaang Bayan tungkol sa pag-upa sa isang parselang lupa na pag-aari ng Pamahalaang Bayan;

**SAPAGKA'T,** naniniwala ang kabuuan ng Sangguniang Bayan na ang mga nabanggit na panukala ay makapagdudulot ng malaking kapakinabangan kaparaanan tungo sa patuloy na pag-unlad ng bayan ng Santa Cruz;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, Kgg. Kag. Florencio Odejar, Kgg. Kag. Louie C. de Leon, at sa buong pagsang-ayon ng lahat ng mga kagawad na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na sang-ayunan ang mga panukalang inihain ng Golden Arches Development Corporation sa Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz gagawing pag-upa sa 826 metro parisukat na lupang pag-aari ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Golden Arches Development Corporation, Lungsod ng Makati, Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, at mga pinuno ng Tanggapan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang .

**PINAGTITIBAY.** Ika-9 ng Hunyo, 1999

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY:
DATE
STA. CRUZ, LAGUNA